Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima at Pahayag sa Pagbabayad-pinsala:
Gabay sa Impormasyon

Ano ang isang Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima?

Ang isang Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima ay isang nakasulat na paglalarawan kung paano nakaapekto ang krimen sa biktima. Hindi kasama sa Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima ang paglalarawan ng krimen o kung paano ito nangyari. Ang impormasyong iyon ay nararapat na kasama ng iyong pahayag sa pulis. Ang Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima ay ginagamit sa pagsisintensiya kapag ang akusado ay napatunayang nagkasala o umamin sa pagkakasala.

Ang krimen ay maaaring maging sanhi ng pangkatawan, pandamdamin at pangkabuhayang pinsala. Ang antas ng nagawang pinsala sa biktima ay isang salik na maaaring gamitin ng hukom sa pagtasa sa kalubhaan ng paglabag (offence) para matukoy ang isang naaangkop na sintensiya.

Ang Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima ay dapat na nakasulat gamit ang pormularyong itinakda sa Criminal Code (Form 34.2). Ang pormularyong ito ay makukuha sa Ministry of Justice internet (www.ag.gov.bc.ca/prosecution-service/info-sheets/victim_impact_statements.htm) at available ito sa iba't ibang wika.

Sino ang maaaring gumawa o magkumpleto ng isang Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima?

Kung nagdusa ka sa isang pinsalang pangkatawan o pangkaisipan, pagkasira ng ari-arian o pagkalugi ng kabuhayan dahil sa isang paglabag, maaari kang gumawa ng isang Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima.

Kung hindi mo magagawang magkumpleto ng Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima, ang isang tao na madalas ay miyembro ng pamilya ay maaaring gumawa ng pahayag para sa iyo. Ang dahilan kung bakit hindi maaaring gumawa ng pahayag ang biktima ay dapat ipaliwanag at ang pangalan ng taong nagkumpleto ng pahayag ay dapat ibigay.

Kailangan ko bang magkumpleto ng isang Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima?

Hindi. Ang pagkukumpleto ng isang Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima ay nasa iyong kagustuhan.

Ang mga impormasyon sa Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima ay mahalaga sa Crown Counsel at sa hukom dahil makatutulong ito upang lubos nilang maunawaan kung paano nakaapekto sa iyo ang krimen.

Paano ko kukumpletuhin ang Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima?

Ang Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima ay dapat isulat sa iyong sariling mga salita. Ilarawan kung paano nakaapekto sa iyo at sa iyong pamilya ang krimen. Hindi mo dapat isama ang mga komentaryo tungkol sa akusado, ang mga deskripsyon ng katotohanan sa paglabag (huwag ilarawan kung ano ang nangyari), o ang iyong mga saloobin sa kung anong uri ng sintensiya ang dapat ipataw nang walang pagsang-ayon ng hukuman.

Maaari mo ring isama sa iyong Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima ang isang larawang iginuhit mo, o isang tulâ o liham na isinulat mo, kung makakatulong ito upang ipahayag ang epekto ng paglabag sa iyo.

Ang Crown Counsel ang may tungkulin sa pagsusuri ng Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima upang matiyak na wala itong kasamang mga hindi naaangkop na komentaryo.

Kung mayroon kang mga pag-aalala sa iyong kaligtasan, at /o sa iyong pamilya o mga kaibigan, at ayaw mong makipagkita sa akusado, dapat mong ilarawan ang pag-aalalang iyon sa Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima. **Kung mayroon kang kagyat na mga pagkabahala para sa iyong kaligtasan**

dahil sa akusado, at siya ay nakikipag-ugnay sa iyo nang labag sa kautusang no-contact orders, dapat mo itong iulat kaagad sa mga pulis.

Maaari mong punan ang lahat o ilang bahagi ng Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima. Hindi mo kailangang sagutin ang anumang mga tanong kung hindi ito umaaplay sa iyo o kung ayaw mo itong sagutin. Maaari kang maglakip ng mga pahina kung kailangan mo ng karagdagang espasyo.

Maaari ko bang i-update ang aking Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima?

Oo, maaari. Kailangan mong makumpleto ang isa pang pormularyo ng Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima para magdagdag ng iba pang impormasyon tungkol sa epekto sa iyo ng krimen, at dapat mo ito ibigay sa Crown Counsel; ito'y ipapaalam din sa akusado at abogado ng depensa (defence counsel).

Maaari ba akong magpatulong sa isang tao sa paggawa ng aking Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima?

Oo. Ang isang victim service worker, kaibigan o miyembro ng pamilya ay maaaring tumulong sa iyo kung nahihirapan kang ilarawan nang nakasulat kung paano nakaapekto sa iyo ang krimen.

Kung nag-aalala ka na maaaring hindi makarating ang iyong pahayag sa Crown Counsel bago ng susunod na sesyon ng hukuman, mangyaring tumawag sa iyong lokal na opisina ng Crown Counsel. Upang matagpuan ang iyong lokal na opisina ng Crown Counsel, kontakin ang Service BC sa 1-800-663-7867 o i-access ang BC Government Directory sa http://dir.gov.bc.ca/.

Maaari ko bang isama ang impormasyon tungkol sa pagkalugi ng aking kabuhayan?

Oo, maaari mong isama ang impormasyon kung paano nakaapekto sa iyo ang paglabag sa isang pinansiyal na paraan. Ang impormasyon tungkol sa pagkalugi ng kabuhayan ay may dalawang layunin. Para sa maraming paglabag, ang halaga ng pagkalugi ng kabuhayan ay sasalamin sa kaseryosohan ng krimen at makakatulong sa hukom sa pagdesisyon ng isang naaangkop na sintensiya, kapag ang akusado ay nahatulan. Gayundin, ang impormasyon tungkol sa pagkalugi ng kabuhayan, depende sa mga pangyayari at uri ng kaso, ay **maaaring** gamitin ng hukom sa paggawa ng isang kautusan na pagbayarin ang akusado sa biktima para sa mga pagkaluging iyon. Ang hukom sa isang kriminal na kaso ay mas limitado sa paggawa ng naturang mga kautusan kaysa sa hukom sa isang kasong sibil ngunit maaari siyang gumawa ng isang Kautusan sa Pagbabayad-pinsala (Restitution Order) o mag-utos ng bayad-pinsala upang tugunan ang mga pagkalugi tulad ng:

- halaga ng anumang ari-arian na nawala, napinsala o nasira, at ang nagastos sa pag-aayos o kapalit;
- pagkawala ng pera dahil sa pagliban sa trabaho (halimbawa, nawalang kita);
- mga gastos sa anumang medikal, pagpapayo o paggamot na hindi saklaw ng insurance;
- anumang mga gastos o mga pagkalugi na hindi sakop ng insurance, kasama ang halaga ng isang insurance deductible;
- mga nagastos sa paglipat, tulad ng pansamantalang paninirahan, pagkain, pag-aalaga ng bata, at transportasyon, kung ang biktima at ang akusado ay dating nanirahan sa parehong bahay at ang krimen ay naging dahilan sa pag-alis ng biktima sa bahay na iyon; at
- halaga ng perang nawala dahil sa pandaraya o pagnanakaw.

Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima at Pahayag sa Pagbabayad-pinsala:
Gabay sa Impormasyon

Ano ang isang Pahayag sa Pagbabayad-pinsala?

Ang Pahayag sa Pagbabayad-pinsala (Form 34.1) ay ang pormularyong kailangan mong punan upang ipakita na ikaw ay humihingi ng bayad-pinsala at nagtatakda ng iyong mga pagkalugi at mga pinsala. Bilang bahagi ng sintensiya, maaaring isaalang-alang ng isang hukom ang paggawa ng isang Kautusan sa Pagbabayad-pinsala, na nag-uutos na kinakailangang bayaran ng isang may-sala ang biktima at na nagpapahintulot sa isang biktima na magsampa at ipatupad ang mga kautusan sa hukumang sibil kung ang bayad-pinsala ay hindi binayaran. Ang mga impormasyon na kasama sa isang Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima ay HINDI isang aplikasyon para sa Kautusan sa Pagbabayad-pinsala. Dapat kang magkumpleto ng isang hiwalay na Pahayag sa Pagbabayad-pinsala (Form 34.1) upang makagawa ng isang aplikasyon para sa Kautusan sa Pagbabayad-pinsala. Ang pormularyong ito ay makukuha sa Ministry of Justice internet (www.ag.gov.bc.ca/prosecution-service/info-sheets/victim_impact_statements.htm) at magagamit sa iba't ibang wika.

Makakatanggap ba ako ng kabayaran para sa pinansiyal na epektong inilarawan ko sa aking Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima at inaplayan ko sa aking Pahayag sa Pagbabayad-pinsala?

Ang pagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga pinansyal na epekto ng krimen ay **maaaring** humantong sa isang kautusang pagbayarin ang akusado sa iyong mga pagkalugi o mga pinsala, bilang isang kondisyon sa probation o kautusan sa conditional sentence o sa isang Kautusan sa Pagbabayad-pinsala, ngunit ang mga kautusang iyon ay hindi awtomatiko. Ang halaga ng mga nawala sa iyo o mga pinsala ay dapat na malalaman kaagad (madaling matukoy) ng hukuman, at tungkulin mong ibigay sa hukuman ang lahat ng kinakailangang mga dokumento, kabilang ang mga bayarin o bills, mga resibo at mga pagtantiya na sumusuporta sa paghahabol. Kung may alinman sa mga dokumentong ito ang mayroong mga personal na impormasyon na ayaw mong malaman ng iba, tulad ng iyong tirahan o mga numero ng credit card, dapat mong alisin ang mga impormasyong iyon bago mo ilakip ang dokumento. Kapag ang akusado ay hindi nagbayad sa kautusan, maaaring kailanganin ang karagdagang aksyon ng hukuman, sa pamamagitan mo o ng isang probation officer, depende sa uri ng kautusan.

Ipag-utos man ng hukom o hindi na pagbayarin ang akusado sa iyo, hindi ito makakaapekto sa karapatan mong humingi ng kabayaran sa pamamagitan ng isang kasong sibil na mag-aplay sa Crime Victim Assistance Program.

Ang mga impormasyon tungkol sa pagsisimula ng isang kasong sibil at tungkol sa pagpapatupad ng kautusang bayad-pinsala ay maaaring makuha sa Court Registry. Maaari kang kumonsulta sa isang abogado. Puwede mo ring kontakin nang libre ang Ministry of Justice Restitution Program sa 1-844-660-4898 o sa email: Restitution@gov.bc.ca.

Kung ikaw ay nasaktan (pangkatawan man o pangkaisipan) bilang resulta ng isang krimen, maaari kang maging karapat-dapat para sa mga benepisyo alinsunod sa Crime Victim Assistance Act (Batas ukol sa Pagtulong sa mga Biktima ng Krimen) upang makatulong sa mga gastos na resulta ng pinsala.

Ang isang Victim Service Worker ay magagawang magbigay sa iyo ng mga impormasyon tungkol sa pagiging karapat-dapat para sa Crime Victim Assistance Program o maaari mong tawagan ang Crime Victim Assistance Program sa 1-866-660-3888.

Paano gagamitin ang aking Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima?

Ang iyong kinumpletong Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima ay ibibigay sa hukom sa oras ng pagsisintensiya o maaaring gamitin ng Crown Counsel ang impormasyon mong ibinigay upang

sabihin sa hukom ang naging epekto sa iyo ng krimen. Maaari kang dumalo sa pagsisintensiya at hilingin na sabihin sa hearing ang iyong Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima. Mangyaring ipaalam kaagad sa victim service worker mo o sa Crown Counsel kung nais mong hilingin ito at kung gusto mong ikaw ang bumasa ng pahayag o basahin ito ng Crown Counsel para sa iyo.

Kung nais mong ikaw ang bumasa ng iyong Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima, puwede mong hilingin na basahin ito nang kasama ang isang taong sumusuporta sa iyo, o sa isang paraan na hindi ka makikita ng may sala, tulad ng paggamit ng isang closed circuit TV sa labas ng courtroom, o sa likod ng isang screen. Kung gusto mong basahin ang iyong pahayag gamit ang isa sa mga nabanggit, dapat mong ipaalam nang mas maaga sa Crown Counsel bago dumating ang petsa ng pagsisintensiya para mapag-usapan ang mga opsyon. Mangyaring kausapin ang iyong victim services worker tungkol sa mga suportang magagamit mo, kabilang ang tulong sa transportasyon upang makadalo ka sa pagsisintensiya.

Sa araw ng pagbasa ng Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima, maaari ka ring magdala ng isang litrato mo na kinuha bago nangyari ang pagkakasala, kung makakatulong ito sa iyo, at sa tingin ng hukom ay 'di ito makagagambala sa paglilitis. Kapag ang Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima ay babasahin ng isang indibidwal na hindi ang biktima (hal., kung kasangkot ang isang nasawi), maaaring magdala ang indibidwal na iyon ng litrato ng biktima na kinuha bago nangyari ang pagkakasala; at sa uulitin, magagawa ito kung sa tingin ng hukom ay 'di ito makagagambala sa paglilitis.

Ang Crown Counsel ay dapat magbigay ng isang kopya ng iyong pahayag sa abogado ng depensa o sa akusado.

Maaaring makita ng abogado ng depensa o ng akusado ang iyong Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima bago dumating ang paglilitis, at maaari kang tanungin (cross examine) ukol sa mga nilalaman nito.

Kapag ang iyong pahayag ay inihain sa hukuman, maaari itong gamitin sa hinaharap ng isang pampederal na opisyal sa parole o ng isang pangprobinsiyang opisyal sa probation, o kaya ng Parole Board of Canada upang matulungan silang magdesisyon sa mga kondisyon sa pagpapalaya ng may-sala.

Kailan at saan ko dapat ibalik ang aking Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima?

Kapag natapos mo na ang iyong Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima at/o iyong Pahayag sa Pagbabayad-pinsala, pirmahan ito at ilakip sa pabalat na pahina, lagyan ito ng petsa at ipadala sa koreo, i-fax o dalhin ang lahat ng mga pahina sa iyong lokal na opisina ng Crown Counsel. Mahalagang ibigay kaagad ang iyong Pahayag Ukol sa Epekto sa Biktima sa Crown Counsel nang sa gayon ay nasa kanila na ito bago sintensiyahan ang isang akusado.

Mga Serbisyo para sa Biktima

Kung nais mo ng impormasyon tungkol sa mga serbisyong magagamit ng biktima, mangyaring kontakin:

VictimLink BC
Tumawag nang libre sa: 1-800-563-0808
Tumawag sa TTY sa: 604-875-0885
Tumawag nang collect: gamitin ang TELUS Relay Service sa 711
Text: 604-836-6381
Email: VictimLinkBC@bc211.ca
www.victimlinkbc.ca